


Senior High School



Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino Ikalawang Markahan – Modyul 5 Sitwasyong Pangwika sa Panahon ng Modernisasyon



Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino

Alternative Delivery Mode

Ikalawang Markahan – Modyul 5: Sitwasyong Pangwika sa Panahon ng Modernisasyon Edisyon, 2021

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Imelda H. Aglibot

Editor: Fritz M. Bahilango

Tagasuri: Ernesto C. Caberte, Jr., Leilani E. Vizarra, Maria Ildena L. Cuadro,
Randy Ciruelos, Shaine Rita I. Krebs

Tagaguhit: Ronie C. Suinan

Tagalapat: Jera Mae B. Crusado, Kaycee Lheine G. Cortez

Tagapamahala: Francis Cesar B. Bringas

Job S. Zape, Jr.

Ramonito O. Elumbaring

Reicon C. Condes

Elaine T. Balaogan

Fe M. Ong-ongowan

Elpidia B. Bergado

Rommel C. Bautista

Galileo L. Go

Randy D. Punzalan

Noel S. Ortega

Maribeth C. Rieta

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Brgy. San Isidro, Cainta, Rizal

Telefax: 02-8682-5773/8684-4914/8647-7487

E-mail Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph

Senior High School

**Komunikasyon
at Pananaliksik sa Wika
at Kulturang Pilipino
Ikalawang Markahan – Modyul 5
Sitwasyong Pangwika
sa Panahon ng Modernisasyon**

Paunang Salita

Para sa Tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino ng *Alternative Delivery Mode* (ADM) Modyul para sa araling Sitwasyong Pangwika sa Panahon ng Modernisasyon!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinananagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pang-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



Napakahalaga ng araling ito sa iyong pag-aaral, sapagkat nagtataglay ito ng mga kaalamang makapagpapayaman sa iyong kaisipan.

Basahin at unawain ang mga gagawing pagtalakay sa araling ito na nagmula sa iba't ibang manunulat upang gumabay sa iyong isasagawang paglalakbay sa pag-aaral sa modyul na ito.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.



Alamin


Bilang isang manlalakbay, ikaw ay may mga pagdaraanang pagsubok na huhubog sa iyong kakayahan upang iyong matamo ang mga sumusunod na kasanayan pagkatapos ng aralin:

Kasanayang Pampagkatuto:

- Nakasusulat ng mga tekstong nagpapakita ng mga kalagayang pangwika sa kulturang Pilipino **(F11PU-IIc-87)**

Layunin:

1. Naiisa-isa ang iba't ibang tekstong nagpapakita ng kalagayang pangwika sa kulturang Pilipino;
2. Nagagamit ang mga tekstong nagpapakita ng mga kalagayang pangwika sa Kulturang Pilipino; at
3. Nakasusulat ng isang teksto na nagpapakita ng kalagayang pangwika sa kulturang Pilipino.



Subukin

Bilang isang manlalakbay, ikaw ay may mga pagdaraanang pagsubok na huhubog sa iyong kakayahan upang iyong matamo ang mga sumusunod na kasanayan.

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga pahayag. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Sa pagsulpot ng iba't ibang barayti ng wika, matutukoy na ang wika ay _____.
 - a. bunga ng makabagong henerasyon
 - b. mahalaga sa pangkalahatan
 - c. napag-iiwanan ng panahon
 - d. patuloy na umuunlad
2. Sa pamagat na “Kalagayang Pangwika sa Panahon ng Modernisasyon” mahihinuha natin na ang nilalaman nito ay _____.
 - a. pagbibigay ng impormasyon sa teknolohiya
 - b. pagkakaiba ng teknolohiya sa panahon ngayon
 - c. paglalarawan sa teknolohiya
 - d. pagsabay sa pag-unlad ng teknolohiya
3. Ang pagsulat sa ganitong uri ng pahayag “*At tumigil ang mundo! Behind The Scenes with #MissUniverse My Baby*” ay karaniwan nating nakikita sa _____.
 - a. e-mail
 - b. radyo
 - c. social media
 - d. telebisyon
4. Ang SONA ay isang halimbawa ng pagsulat na _____.
 - a. argumentatibo
 - b. deskriptibo
 - c. impormatibo
 - d. naratibo
5. Ang mga babasahing pampanitikan ay mauuri sa tekstong _____.
 - a. argumentatibo
 - b. deskriptibo
 - c. impormatibo
 - d. persweysib

6. Ang mga salitang nauuso ngayon tulad ng “churva”, “waley”, “sinetch itey” ay mga halimbawa ng _____.
- gay lingo
 - jejemon
 - kolokyal
 - slang words
7. Ang mga flat forms na nakatutulong sa pagpapalaganap ng wika ay ang _____.
- Advertisement
 - Mass Media
 - Mass Media at Social Media
 - Social Media
8. Ang salik na nakatutulong upang mapaunlad ang wikang Filipino ay _____.
- debate
 - komunikasyon
 - pagbasa
 - pakikinig
9. Ang “trending” na salitang gamitin sa social media ay nangangahulugan ng_____.
- mainit na balita sa pahayagan
 - pagpapailanlang sa radio
 - pagsikat at pinag-uusapan sa social media
 - pagsikat sa telebisyon
10. Ayon sa pag-aaral ng *wearesocial.com* noong 2015, may 44.2 milyon o 44% mula sa 100.8 milyong Pilipino ang aktibong gumagamit ng internet kaya tinawag ang Pilipinas na_____.
- Mass Media Capital of the World
 - Social Media Capital of the World
 - Texting Capital of the World
 - Wala sa nabanggit
11. Kapag ang wika ay hindi na nagagamit, ito ay tuluyan nang_____.
- nagbabago
 - namamatay
 - natutunaw
 - nauubos
12. Ito ang naging epekto ng pagsulpot ng makabagong teknolohiya tulad ng mga gadgets sa mga mamamayan.
- Marami ang natutong maglaro sa online.
 - Naging masikap at masigasig ang nakararaming mamamayan.
 - Nawalan ng hanapbuhay at pagkakakitaan.

- d. Nawala ang personal na interaksyon ng mga tao.
13. Ito ang naging impluwensiya ng social media sa wikang Filipino.
- a. Matalinhaga at masining ang kahulugan ng wika.
 - b. Naging impormal ang paggamit ng wika.
 - c. Napababaw ang kahulugan nito.
 - d. Umunlad at yumabong ang ating wika.
14. Ang wika na sinasabing nagbabago ito ay dulot ng pag-usbong ng mga salitang ginagamit sa social media sa kasalukuyan. Pinatunayan na;
- a. Malikhain ang mga Pilipino sa pagbuo ng mga salita.
 - b. Masayahin ang mga Pilipino.
 - c. Nakabubuo ng salita na sila lamang ang nagkakaunawaan.
 - d. Nakabubuo subalit hindi sila nakauunawa.
15. Sa pag-unlad ng teknolohiya, anong anyo ng wika ang niyakap ng mga nakararaming kabataan sa panahon ng modernisasyon?
- a. mga balbal na salita
 - b. mga kolokyal na salita
 - c. mga salitang pambansa
 - d. lahat nang nabanggit

Aralin

5

Sitwasyong Pangwika sa Panahon ng Modernisasyon

Ang araling ito ay lubos na makatutulong sa pag-unawa sa kalagayan ng ating wika sa panahon ng pagbabago o modernisasyon. Bago natin ipagpatuloy ang pagtalakay sa paksa ay isagawa mo ang mga susunod na gawaing nakatala rito.



Balikan

Panuto: Ipaliwanag ang anyo at paraan ng paggamit ng wika sa iba't ibang sitwasyon kaugnay ng kalakalan, pamahalaan at edukasyon. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Anong pamamaraan ng paggamit ng wika ang ginagawang panghikayat ng mga kandidato upang sila ay iboto sa tuwing sasapit ang eleksiyon?
 - a. “Bumoto nang tama at iyong karapat-dapat!”
 - b. “Huwag kayong maniniwala sa mga oposisyon!”
 - c. “Kapag ako ang ibinoto ninyo, magkakapera kayo!”
 - d. “Kapag ako ang ibinoto ninyo, tutulongan kong umunlad ang ating bansa!”
2. Bakit Ingles ang wikang ginagamit sa mga website?
 - a. Amerikano ang gumawa nito kaya Ingles ang ginamit na wika.
 - b. Ingles ang itinuturing na *universal language*.
 - c. Nasanay na lamang ang mga tao na Ingles ang nakikita sa website.
 - d. Walang panumbas na salita sa Filipino ang ilang salitang Ingles.
3. Anong pamamaraan ang ginamit ng DepEd sa paghahatid ng kanilang programang pang-edukasyon tulad ng “Brigada Eskwela” at “Tayo para sa Edukasyon”?
 - a. Walang katumbas na linya sa Ingles
 - b. Wikang Tagalog upang madali itong tandaan at gawin.
 - c. Pinoy ang mga mag-aaral kaya dapat wikang Filipino ang gamitin.
 - d. Gumamit ng wikang Filipino upang higit na makahikayat sa mga mag-aaral at magulang.

4. Ito ang wikang ginagamit ng malalaking negosyo upang mahikayat na tangkilikin ang kanilang produkto.
 - a. Big SALE!
 - b. Bagsak-presyo!
 - c. Pwede utang!
 - d. Buy 1 Take 2!

5. Ano ang pangunahing wikang ginagamit bilang wikang panturo sa kolehiyo?
 - a. paggamit ng Pilipino
 - b. pag-aaral gamit ang Filipino
 - c. bilingguwal na pamamaraan at wikang Ingles
 - d. paggamit ng diyalekto sa ugnayan



Mga Tala para sa Guro

Tiyaking malinaw at maayos ang pagbibigay ng panuto. Alamin kung nasusunod ito nang wasto. Ipaalala sa mag-aaral na laging maging matapat sa pagsagot sa mga Gawain.



Tuklasin

Pagtalakay sa aralin ukol sa paggamit ng wika sa Panahon ng Modernisasyon

Sa paglipas ng mga araw, nakilala mo ang kalagayan ng ating wika sa iba't ibang sitwasyon. May mga sektor na nanatili ang pagkapuro ng ating wika. Mayroon naman na ang dati nating wika ay napapalitan lamang ng ilang salita o nadadagdagan ng ilang titik. Nalalaro ito at napapaunlad ngunit mayroon din namang mga salita na hindi na rin alam ng ating kabataan sapagkat ito ay hindi na nagagamit pa. Hindi nawawala, nalilimutan lamang gamitin. Bakit nga ba?

Komunikasyon ang pangunahing salik upang mapaunlad ang ating wika. Ngunit sa pagsulpot ng mga cellphone at mabilis na pag--upgrade nito, mabilis din ang pagkawala ng personal na interaksyon sa mga tao. Umaasa na lamang sa nauuso at 'trending' sa ating lipunan. Napakabilis nitong kumalat na akala mo ay isang epidemya.dahil na rin sa patuloy na pagbabalita nito mapatelebisyon, radyo at pahayagan. Dahil kailangan mong makahabol sa mabilis na pagbabago, ito ay gagamitin mo. Halimbawa ay ang mga gay lingo na hindi lamang ang mga bakla ang gumagamit, mapababae o lalaki man, bata o matanda, nakatapos ng pag-aaral o hindi. May isang pagkakataon pa na kahit sa loob ng senado ay nagkaroon ng gay lingo war sa pagitan nina Presidential Spokesman Edwin Lacierda at tagapagsalita ni Vice President Jejomar Binay na si Joey Salgado na hindi umano magandang ehemplo sa kabataan. Nagpapatunay lamang ito na hindi nananatili sa isang grupo ang salita at ito ay tinatangkilik, mapapropesyonal man o hindi kahit saanmang sektor ng lipunan.

Sa kabuuan, malaki ang impluwensya ng social at mass media sa ating wika. Hindi man ito nakasasama ngunit huwag sana na ipagsawalang bahala na tayo ay may wikang pambansa na ginagamit nang wasto sa mga pagkakataong kailangan natin.



Suriin

Panuto: Suriin ang mga sumusunod na awitin, grapiko at patalastas na nakatala. Sagutin ang tanong sa ibaba batay sa paraan ng pagkakasulat nito. Gawin ito sa sagutang papel.

High school life, oh my high
school life
Ev'ry memory, kay ganda
High school days, oh my high
school days
Are exciting, kay saya

There are times, may problema
ka
Kung ang homework, left
undone
Pray ka lang, 'wag tawagin ka
Upang di pagtawanan

-Mula sa awiting High School




https://www.seekpng.com/ipng/u2e6a9y3y3y3e6r5_the-deped-vision-deped-tayo-logo-png/

Rebisco

“Sarap ng filling mo.”

1. Saan-saan mo nakikita ang bawat isa?
2. Ano ang masasabi mo sa pagkakasulat nito?



Pagyamanin

Upang matiyak ang iyong natutuhan ay isagawa mo ang pagsasanay na ito.

Panuto: Basahin ang balita sa ibaba. Pagkatapos, suriin mo ang pagkakasulat nito sa paraan ng paggamit ng wika. Sumulat ng talata batay sa iyong pagsusuri. Isulat sa iyong sagutang papel.

Bumaba ang porsyento ng mga mag-aaral na uminom ng 'deworming tablets' sa General Pantaleon Senior High School dahil sa Dengvaxia.

Mula sa 90 porsyento noong nakaraang taon ay pumalo na lamang sa 76.43 porsyento ngayong taon.

"Isinasagawa ang deworming upang tanggalin ang mga peste sa katawan ng mga bata na maaaring makaapekto sa performance nila sa school," sabi ni Gng. Geraldine Guanzon.

Ang tinitingnang dahilan ng ating school nurse o guro na responsable sa Deworming na si Gng. Geraldine Guanzon, ang maaaring dahilan nito ay ang pagkatakot ng mga mag-aaral sa Dengvaxia.

Ang deworming ay isinasagawa dalawang beses sa isang taon tuwing Pebrero at Hulyo kada taon.

Ang tabletang iniinom ng mga mag-aaral ay tinatawag na Albendazole na mayroong 400mg.

Ang gamot ay nagmumula sa Department of Health (DOH) na ipinapadala sa Department of Education (DepEd) patungo sa mga Dibisyon ng bawat Munisipalidad at Lungsod sa Rehiyon.

Papayagan lamang uminom nang 'deworming tablet' kung papahintulutan ng magulang ng mag-aaral.

Sinulat ni Joyce Pre, Ang Insurekto

Pamantayan sa Pagmamarka

PUNTOS	PAMANTAYAN
10	Naipaliwanag nang buong linaw ang pagsusuri at sapat ang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang sagot sa mga tanong
8	Malinaw na naipaliwanag ang pagsusuri at sapat ang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang sagot sa mga tanong
6	Hindi gaanong malinaw ang ginawang pagsusuri at paliwanag at di gaanong sapat ang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang sagot sa mga tanong.
4	Hindi malinaw ang pagsusuri at di sapat ang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang sagot sa mga tanong
2	Walang kalinawan ang ginawang pagsusuri at walang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang sagot sa mga tanong.



Isaisip


Ngayong alam mo na ang kalagayan ng wika sa ating lipunan, sa iyong palagay paano ito nakaaapekto sa ating kultura?

Handa ka na ba? Tara, Game!

Panuto: Makinig ng SONA o ulat ng pangulo o talumpati ng kilalang pinuno sa iyong bayan. Bigyang-pansin ang wikang ginamit at ilahad ang naging epekto nito sa isang indibidwal sa paggamit ng wika sa lipunan, gayundin sa ating kultura. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

Pamantayan sa Pagmamarka

PUNTOS	PAMANTAYAN
10	Naipaliwanag nang buong linaw at sapat ang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang sagot sa mga tanong
8	Malinaw na naipaliwanag at sapat ang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang sagot sa mga tanong
6	Hindi gaanong malinaw at paliwanag at di gaanong sapat ang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang sagot sa mga tanong.
4	Hindi malinaw at di sapat ang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang sagot sa mga tanong
2	Walang kalinawan at walang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang sagot sa mga tanong.



Isagawa

Subukin natin kung paano mo naisakatuparan ang iyong pagkatuto sa nakapaloob na aralin sa modyul na ito.

Panuto: Pumili ng isang palabas sa telebisyon at bigyan ito ng pagsusuri batay sa obserbasyon mo sa wikang kanilang ginagamit. Nasa ibaba ang rubriks na gagamitin. Gawin ito sa sagutang papel.

Pamagat ng Programa sa Telebisyon

Pamantayan sa Pagmamarka

PUNTOS	PAMANTAYAN
10	Naipaliwanag nang buong linaw ang pagsusuri at sapat ang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang sagot sa mga tanong
8	Malinaw na naipaliwanag ang pagsusuri at sapat ang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang sagot sa mga tanong
6	Hindi gaanong malinaw ang ginawang pagsusuri at paliwanag at di gaanong sapat ang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang sagot sa mga tanong.
4	Hindi malinaw ang pagsusuri at di sapat ang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang sagot sa mga tanong
2	Walang kalinawan ang ginawang pagsusuri at walang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang sagot sa mga tanong.



Tayahin

“Kapag may simula mayroong wakas! “Tiyakin natin ang iyong pagkatuto.

Panuto: Itiman ang bilog ng titik ng tamang sagot o kaya’y isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ito ang naging epekto ng pagsulpot ng makabagong teknolohiya tulad ng mga gadgets sa mga mamamyan.
 - a. Marami ang natutong maglaro sa online.
 - b. Naging masikap at masigasig ang nakararaming mamamayan.
 - c. Nawalan ng hanapbuhay at pagkakakitaan ang tao.
 - d. Nawala ang personal na interaksyon ng mga tao.

2. Ito ang naging impluwensiya ng social media sa wika Filipino.
 - a. Matalinhaga at masining ang kahulugan.
 - b. Naging impormal ang paggamit ng wika.
 - c. Napababaw ang kahulugan nito.
 - d. Umunlad at yumabong ang ating wika.


3. Ang wika ay sinasabing nagbabago, ito at dulot ng pag-usbong na mga salitang ginagamit sa social media sa kasalukuyan. Pinatunayan lamang na;
 - a. Malikhain ang mg Pilipino na paglikha ng mga salita.
 - b. Masayahin ang mga Pilipino.
 - c. Nakabubuo ng salita na sila lamang ang nagkakaunawaan.
 - d. Nakabubuo subalit hindi sila nakauunawa.

4. Sa pag-unlad ng teknolohiya, anong wika ang niyakap sa mga nakararaming kabataan sa panahon ng modernisasyon?
 - a. mga balbal na salita
 - b. mga kolokyal na salita
 - c. mga salitang pambansa
 - d. lahat nang nabanggit

5. Kapag ang wika ay hindi na nagagamit, ito ay tuluyan nang;
 - a. nagbabago
 - b. namamatay
 - c. natutunaw
 - d. nauubos

6. Sa pagsulpot ng iba't ibang barayti ng wika, matutukoy na ang wika ay_____.
- bunga ng makabagong panahon
 - patuloy na umuunlad
 - mahalaga at makabuluhan
 - napag-iiwanan ng panahon
7. Sa pamagat na “*Kalagayang Pangwika sa Panahon ng Modernisasyon*” mahihinuha natin na ang nilalaman nito ay _____.
- pagbibigay ng impormasyon sa teknolohiya
 - pagkakaiba ng teknolohiya sa panahon ngayon
 - paglalarawan sa teknolohiya
 - pagsabay sa pag-unlad ng teknolohiya
8. Ang pagsulat sa ganitong uri ng pahayag “*At tumigil ang mundo! Behind the Scenes with #MissUniverse My Baby*” ay karaniwan nating makikita sa _____.
- Email
 - Radyo
 - Social Media
 - Telebisyon
9. Ang SONA ay isang halimbawa ng pagsulat na _____.
- Argumentatibo
 - Deskriptibo
 - Impormatibo
 - Naratibo
10. Ang mga babasahing pampanitikan ay mauuri sa tekstong_____.
- Argumentaibo
 - Deskriptibo
 - Impormatibo
 - Persweysib
11. Ang mga salitang nauuso ngayon tulad ng “churva”, “waley”, “sinetch itey” ay mga halimbawa ng _____.
- gay lingo
 - jejemon
 - kolokyal
 - slang words
12. Ang mga flat forms na nakatutulong sa pagpapalaganap ng wika ay ang _____.
- Advertisement
 - Mass Media
 - Mass Media at Social Media
 - Social Media

13. Ang salik na nakatutulong upang mapaunlad ang wikang Filipino ay ____.
- debate
 - komunikasyon
 - pagbasa
 - pakikinig
14. Ang “trending” ay salitang nakilala sa social media na ngangahulugan ng ____.
- mainit na balita sa pahayagan
 - pagpapailanlang sa radio
 - pagsikat at pinag-uusapan sa social media
 - pagsikat sa telebisyon
15. Ayon sa pag-aaral ng *wearesocial.com* noong 2015, may 44.2 milyon o 44% mula sa 100.8 miyong Pilipino ang aktibong gumagamit ng internet kaya tinawag ang Pilipinas na ____.
- Mass Media Capital of the World
 - Social Media Capital of the World
 - Texting Capital of the World
 - Wala sa nabanggit




Karagdagang Gawain

Binabati kita! Natapos mo nang matagumpay ang mga pagsubok sa modyul na ito. Dahil diyan, gusto kitang maging handa sa susunod na pagsubok na iyong kahaharapin.

Panuto: Sumulat ng sanaysay batay sa iyong karanasan. Paano naimpluwensiyahan ng Social Media at Mass Media ang paggamit mo ng sariling wika? Bumuo ng sariling pamagat. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Pamantayan sa pagmamarka

KRAYTERY A	Napakahusa y 5	Mahusay 4	Katamtaman 3	Papaunlad 2	Nangangailan gan ng Gabay 1
Paglalahad ng Thesis Statement	Napakahusay na inilahad ang thesis statement sa pamamagitan ng pagiging malikhaing ng pagsulat nito	Mahusay na inilahad ang thesis statement sa pamamagitan at may pagkamalikha in sa pagsulat nito	Inilahad ang thesis statement sa katamtamang pamamaraan ng pagsulat nang may pagtatangka sa pagiging malikhain nito	May papaunlad na kasanayan sa pagsulat ayon sa paglalahad ng thesis statement	Nangangailangan ng paunlarin ang kasanayan sa pagsulat
Nilalaman	Naisulat ang katawan ayon sa mga suportang ideya na tumutugon sa kabuuan ng kwento batay sa isyung tinatalakay	Naisulat ang katawan ayon sa dalawang ideya na tumutugon sa kabuuan ng kwento batay sa isyung tinatalakay	Naisulat ang katawan ayon sa isang ideya na tumutugon sa bahagi ng kwento batay sa isyung tinatalakay	Naisulat ang katawan ayon sa magkakaiba ng ideya na tumutugon sa kabuuan ng kwento batay sa isyung tinatalakay	Hindi naisulat ang katawan ayon sa paksang dapat talakayin
Transisyong Talata	Napakapaglahad ng katangitanging transisyong talata ayon sa tunguhin ng buong sanaysay	Nakapaglahad ng transisyong talata ayon sa tunguhin ng buong sanaysay	Katamtamang nakapaglahad ng transisyong talata ayon sa tunguhin ng buong sanaysay	Papaunlad ang pagkakalahad ng transisyong talata	Nangangailangan ng gabay sa pagsulat ng transisyong talata
Konklusyon	Naisuma ang sanaysay ayon sa pangkabuuang kaisipan/mensahe ng istorya	Naisuma ang sanaysay ayon sa tiyak na kaisipan/mensahe ng istorya	Katamtamang naisuma ang sanaysay ayon sa kaisipan/mensahe ng istorya	Papaunlad ng pagkakasuma ng buong sanaysay	Hindi naisuma ng buong sanaysay



Susi sa Pagwawasto

Iwasto ang sagot mula sa panimula at pangwakas na pagtataya na ginawa sa naunang bahagi ng modyul na ito.

<p style="text-align: center;">Subukin</p> <p>1. D 2. A 3. C 4. C 5. B 6. A 7. C 8. B 9. C 10. B 11. B 12. D 13. B 14. A 15. D</p>	<p style="text-align: center;">Balikan</p> <p>1. A 2. D 3. D 4. A 5. C</p>	<p style="text-align: center;">Tayahin</p> <p>1. D 2. B 3. A 4. D 5. B 6. B 7. A 8. C 9. C 10. B 11. A 12. C 13. B 14. C 15. B</p>
---	---	---

Sanggunian

Dayag, Alma M. at del Rosario Mary Grace G.,2017. Pinagyamang Pluma –
Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. Quezon City:
Phoenix Publishing House.

https://www.academia.edu/32106593/WIKANG_FILIPINO_SA_MAKABAGONG_PANAHON?auto=download

<https://www.scribd.com/document/372275957/Rubric-PAGsulat-Ng-Sanaysay-Filipino-Vips.ph/list-of-famous-philipino-brand-names-and-slogans/>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph